Mensahe Tatlo

Ang Trigo ng Buhay, ang Mabuting Binhi, ang Asin ng Lupa, ang Liwanag ng Sanlibutan, at ang mga Mamamalakaya ng mga Tao

Babasahin sa Kasulatan: Mat. 3:12; 13:38; 5:13-16; 4:16-20

I. Ang mga mananampalataya ay sinisimbolo ng trigo ng buhay, na titipunin sa kamalig ng Panginoon—Mat. 3:11-12; 13:24-30, 38-42:

A. Ang mga mananampalataya bilang trigo ay may dibinong buhay sa loob nila; ang buhay ay ang Diyos Mismo na tinatamasa ng tao—Awit 36:7-9; Juan 1:4; 10:10; 14:6; 6:63.

B. Kung nais natin na hindi mahadlangan ang buhay ni Kristo sa loob natin, kailangan nating maranasan ang pagbabasag ng krus, ang pumapatay na kamatayan ni Kristo sa nagpapaloob ng lahat na Espiritu, nang sa gayon ay matuos at maalis ang mga sumusunod na balakid sa loob natin:

1. Ang pagiging Kristiyano ay nangangahulugang pinangangalagaan ang buháy na Kristo sa loob natin at hindi kumukuha ng anumang bagay liban kay Kristo bilang ating mithiin; ang balakid dito ay nasa hindi pagkaalam sa landas ng buhay at hindi pagkuha kay Kristo bilang ating buhay—Mat. 7:13-14; Fil. 3:8-14; Col. 3:4; Roma 8:28-29.
2. Ang ikalawang balakid ay pagkukunwari; ang espiritwalidad ng isang tao ay hindi nasusukat sa pamamagitan ng panlabas na anyo kundi sa kung paano niya pinangangalagaan si Kristo—Mat. 6:1-6; 15:7-8; Juan 5:44; 12:42-43; cf. Jos. 7:21.
3. Ang ikatlong balakid ay pagrerebelde; maaari tayong maging napakaaktibo at masigasig sa paggawa ng mga bagay-bagay ngunit ikinukulong at sinusuway pa rin ang buháy na Kristo sa loob natin sa pamamagitan ng pagwawalang-bahala sa Kanya—Lev. 14:9, 14-18; 11:1-2, 46-47; Roma 16:17; 1 Cor. 15:33.
4. Ang ikaapat na balakid ay ang ating mga natural na kakayahan; kung ang mga natural na kakayahang ito ay mananatiling di-basag sa atin, magiging suliranin ang mga ito sa buhay ni Kristo—2:14-15; 3:12-17; Jud. 19-21.

II. Ang mga mananampalataya ay sinisimbolo ng mabuting binhi, ang mga anak ng kaharian na inihahasik ng Panginoon upang lumago sa Kanyang kaharian—Mat. 13:24, 38:

A. Ang binhi ay ang salita ng Diyos (bb. 4, 19; Luc. 8:11), si Kristo Mismo (1 Ped. 1:23), na inihasik tungo sa atin upang gawin tayong mabuting binhi, ang mga anak ng pagkabuhay na muli (Mat. 13:38; Luc. 20:36-38).

B. Ang salita ng Diyos bilang butil ng trigo ay namamahagi ng Diyos bilang buhay tungo sa atin upang tayo ay pakainin; gayundin, ang salita bilang apoy ay sumusunog sa atin at sa maraming bagay na pinagtitiwalaan natin, at ang salita bilang pamukpok ay dumudurog sa ating sarili, ating natural na buhay, ating laman, ating mga pita, at ating mga konsepto—Jer. 23:28-29.

C. Bilang mabuting binhi, kailangan nating sundan ang Panginoon patungo sa lupa upang mamatay at mamunga nang marami sa pagkabuhay na muli; ang mamatay at maranasan ang krus ay ang itatwa at tanggihan ang ating pangkaluluwang buhay, ang ating natural na buhay, upang mamuhay sa pamamagitan ng dibinong buhay—Juan 12:23-26, 31-32.

D. Ang paghahasik ng mabuting binhi ay pagkamartir, sapagkat "ang iyong inihahasik ay hindi binubuhay malibang ito ay mamatay" (1 Cor. 15:36); maaari tayong maging mga martir sa pisikal, sikolohikal, o espiritwal (2 Tim. 4:6; Mat. 16:25; 1 Cor. 16:12; 2 Cor. 2:12-14).

E. Ang mapagmahal na pag-ibig ni Kristo ay pumipilit sa atin na mabuhay at mamatay sa Kanya at ginagawa tayong mga martir para sa Kanya—5:14-15; Roma 8:35-37; 14:7-9; Apoc. 2:10; 12:11.

F. Ang paglalagay sa kamatayan ni Hesus sa ating kapaligiran ay nakikipagtulungan sa naninirahan sa loob na Espiritu upang patayin ang ating natural na tao at palayain ang dibinong buhay—Roma 8:2, 13; 2 Cor. 4:10-13; Jer. 48:11.

G. Lahat ng ating paglilingkod sa Panginoon ay kailangang magmula sa Diyos, hindi sa ating mga sarili, habang pinahihintulutan nating gumawa sa atin ang Kanyang kamatayan upang ang Kanyang pagkabuhay na muling buhay ay maipamahagi sa pamamagitan natin tungo sa iba—2 Cor. 4:12-13; 1:8-9; 4:5; 10:13:

1. Si David ay umibig sa Diyos, natakot sa Diyos, at nakipagtulungan sa Diyos upang hayaang makagawa ang Diyos; bagama't mayroon siyang abilidad na itayo ang templo ng Diyos, huminto siya nang dumating sa kanya ang salita ng Diyos—2 Sam. 7:18, 25, 27; cf. Luc. 1:38.
2. Ang paghinto ni David ay nagtatag ng dalawang panig na patotoo sa sansinukob: una, lahat ng gawain sa sansinukob na ito ay dapat magmula sa Diyos, hindi sa tao; ikalawa, ang mahalaga lamang ay ang ginagawa ng Diyos para sa tao, hindi ang ginagawa ng tao para sa Diyos.
3. Ang tagapagtayo ng templo at ang pinagtayuan ng templo ay kapwa nagmula sa pagpapatawad *ng Diyos* sa mga kasalanan ni David, mula sa ginawa ng Diyos para kay David—2 Sam. 12:24-25; 24:1-10, 18-25; 1 Cron. 21:18; 2 Cron. 3:1; Awit 51.
4. Sinabi ni Kapatid M. E. Barber, "Ang sinumang hindi kayang huminto sa paggawa alang-alang sa Diyos ay hindi maaaring gumawa alang-alang sa Diyos."

III. Ang mga mananampalataya ay ang asin ng lupa, na pumapatay at nag-aalis ng mga mikrobyo ng kabulukan at kasiraan ng lupa—Mat. 5:13; cf. Lev. 2:13:

A. Ang asawa ni Lot ay naging haliging asin at naiwala ang kanyang nagpapaalat na pangsyon dahil nagtagal siya sa paglingon sa Sodoma, nagpapahiwatig na inibig at pinahalagahan niya ang masamang sanlibutan na wawasakin ng Diyos—Gen. 19:15, 24-26; Luc. 17:32.

B. Upang gawing karera ang pagsunod sa Panginoon, kailangang ibigay natin dito ang lahat ng mayroon tayo at lahat ng magagawa natin; kung hindi, tayo ay magiging kabiguan, magiging asin na walang lasa at itatapon sa labas ng maluwalhating kinasasaklawan tungo sa isang kalagayan ng kahihiyan—14:31-35; cf. Apoc. 3:21; Juan 16:33.

C. Hindi tayo dapat mabigo o mapanghinaan ng loob kundi mapalakas at mabigyang-kakayahan na ipamuhay ang dibinong ekonomiya sa pamamagitan ng naproseso at napasukdol na Tres-unong Diyos bilang sumasapat sa lahat na biyaya—1 Cor. 15:10; 2 Cor. 12:9; 2 Tim. 4:22; Col. 4:6.

IV. Ang mga mananampalataya ay ang liwanag ng sanlibutan, yaong mga pinaliliwanag ang kanilang liwanag sa harap ng mga tao upang pawiin ang kadiliman ng sanlibutan—Mat. 5:14-16; Efe. 5:8:

A. Ang liwanag ay ang presensiya ng Diyos; dahil tayo ay ipinanganak ng Diyos, tayo ngayon ay liwanag sa loob ng Panginoon at kailangang lumakad bilang mga anak ng liwanag—1 Juan 1:5; Efe. 5:8-9.

B. Ang paraan upang maligtas mula sa pagkahumaling, sa pandaraya sa sarili, ay ang mamuhay sa liwanag, maging bukás sa pagliliwanag ng Diyos, at huwag gumawa ng sarili nating liwanag—Awit 36:8-9; 80:17-19; 139:23-24; 1 Juan 1:5, 7, 9; Isa. 2:5; 50:10-11:

1. Ang sintomas ng isang tao na nahuhumaling ay yaong ang kanyang iniisip at ginagawa ay lubusang mali, gayunma'y iniisip niya at naniniwala siya na siya ay lubusang tama—Mat. 6:22-23; Isa. 5:20.
2. Ang magkasala ay isang bagay ng karungisan; ang magkasala, gayunma'y naniniwala na hindi siya nagkasala at ikinakatwiran ito, ay isang bagay ng kadiliman—1 Juan 1:8, 10.
3. Ang mga dahilan ng pagkahumaling, ng pandaraya sa sarili, ay ang pag-ibig sa kadiliman kaysa sa liwanag (Juan 3:19-20), kapalaluan (Obad. 3), hindi pagtanggap sa pag-ibig sa katotohanan (2 Tes. 2:10-11; Kaw. 23:23), at hindi paghahanap sa kaluwalhatiang mula sa iisang Diyos (Juan 5:44).

C. Ang buhay ay nagmumula sa pagsinag ng liwanag, ang liwanag ay nasa salita ng Diyos, at ang liwanag ay ang panloob na pandama ng buhay—2 Cor. 4:6; Awit 119:105, 130; Isa. 66:2; Juan 8:12; Roma 8:6, 14.

D. "Ang ilawan ng katawan ay ang iyong mata. Kapag ang iyong mata ay tapat sa isa, ang iyong buong katawan ay puspos din ng liwanag; subalit kapag ito ay masama, ang iyong katawan ay madilim din. Kaya mag-ingat ka na ang liwanag na nasa loob mo ay hindi kadiliman. Kaya nga, kung ang iyong buong katawan ay puspos ng liwanag at walang anumang bahaging madilim, ang kabuoan ay mapupuspos ng liwanag gaya ng kapag ang ilawan sa pamamagitan ng sinag nito ay nagliliwanag sa iyo"—Luc. 11:34-36.

V. Ang mga mananampalataya ay mga mamamalakaya ng mga tao—Mat. 4:16-20:

A. Ang maging mamamalakaya ng mga tao ay ang dalhin ang mga tao palabas ng sanlibutan, isinasagisag ng dagat kasama ang mga tubig ng kamatayan nito, tungo sa kaharian ng kalangitan—Luc. 5:10.

B. Ang paraan upang dalhin ang iba palabas ng sanlibutan at tungo sa kaharian ng kalangitan ay sa pamamagitan ng pangangaral ng ebanghelyo ng kaharian, ang ebanghelyo ng kumpletong pagliligtas ng Diyos, sa buong pinananahanang lupa—Mat. 24:14; Luc. 4:18-19; Efe. 3:8-9.

© 2026 Living Stream Ministry